

PARA SA AGARANG PAGLABAS

Ang Lungsod ng Brampton ay nagho-host ng talakayan kaugnay ng sasakyan para pag-usapan ang kinabukasan ng industriya ng sasakyan sa Brampton

BRAMPTON, ON (Pebrero 23, 2022) – Sa nakaraang linggo, nag-host ang Lungsod ng Brampton ng isang Brampton Automotive Forum para pag-usapan ang kahalagahan ng industriya ng sasakyan sa Brampton at lumikha ng kamalayan tungkol sa pangangailangan para sa pamumuhunan sa Planta ng Stellantis Brampton Assembly sa lahat ng antas ng pamahalaan.

Ang talakayan ay dinaluhan ng Mga Miyembro ng Konseho ng Lungsod ng Brampton, kawani ng Economic Development staff, Mga Ministro, mga lokal na MP at MPP, na tumalakay sa kinabuksan ng industriya ng sasakyan sa Brampton at sa mas malawak na mga industriya ng sasakyan ng Ontario at Canada.

Ang pasilidad ng Stellantis sa Brampton ay isang anchor o maasahan na industriya ng sasakyan sa Brampton, at nakakaapekto nang malaki sa lokal na ekonomiya, nagbibigay ng tinatayang 3,000 trabaho sa manufacturing. Nagbibigay rin ito ng hindi direktang mga trabaho sa lalawigan sa mga suppliers, logistics at mga kumpanyan ng trucking at HVAC at elektrikal na mga kumpanya. Tinataya na sa bawat isang trabaho sa isang pasilidad ng sasakyan, sindami ng lima hanggang anim na hindi direktang trabaho ang nalilikha.

Ang sektor ng Advanced Manufacturing ng Brampton ay ang pundasyon para sa pagtutulungan, partnership at inobasyon sa buong industriya. Ito ang pinakamalaking industriya batay sa trabaho ng Brampton, kinabibilangan ng halos ikaapat na bahagi ng mga manggagawa ng lungsod. 23 porsiyento ng mga manggagawa ng sektor ng Advanced Manufacturing ng Brampton ay nasa industriya ng sasakyan.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa industriya ng sasakyan sa Brampton at sa sektor ng Advanced Manufacturing, bisitahin ang: www.investbrampton.ca.

Mga maiikling impormasyon

- Ang pasilidad ng Stellantis ng Brampton ay ang tanging planta sa kanilang pandaigdigang operations na gumagawa ng Dodge Chargers, Dodge Challengers, at Chrysler 300s.
- Higit sa 90 porsiyento ng mga sasakyan na gawa sa Brampton ay ini-export na ang karamihan ay papunta sa U.S.

- Ang industriya ng paggawa ng piyesa ng awto sa Brampton ay may ilang malalaking kumpanya kabilang ang mga pasilidad na pag-aari ng Magna, Martinrea, ABC Technologies ant marami pang iba.

Mga Quote

“Ang Brampton ay may nakaka-proud na kasaysayan ng kahusayan sa sasakyan na naka-anchor sa ating pasilidad sa Stellantis, na nagbibigay ng tinatayang 3,000 trabaho sa pagawaan na maganda ang pasahod, at iba pang tinatayang lima hanggang sa anim na trabaho sa ating komunidad para sa bawat isang trabaho sa planta. Malinaw na ang pandaigdigang industriya ng sasakyan ay lilipat sa de-kuryenteng mga behikulo, at ang Brampton – sa malaki at sektor ng inobatibong advanced manufacturing – ay nangangailangang maging bahagi ng paglipat na ito. Hinihikayat ko ang ating mga partner at ang mga pamahalaang pederal at panlalawigan na makipagtulungan sa Stellantis para ma-secure ang pamumuhunan sa kanilang planta sa Brampton.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Ang sektor ng advanced manufacturing ng Brampton ay ang pundasyon para sa pagtutulungan, partnership, at inobasyon sa lahat ng industriya sa Brampton, na kumakatawan sa pinakamalaking industriya batay sa trabaho. Ang Stellantis lamang ay konserbatibong tinatayang nagpapanatili ng higit sa 15,000 trabaho sa planta at sa pamamagitan ng supply chain. Kailangang nating magtulungan ngayon para i-secure ang pamumuhunan sa pasilidad ng Stellantis para sa kinabukasan sa sasakyan ng Brampton.”

- *Martin Medeiros, Rehiyonal na Konsehal, Wards 3 at 4; Chair, Economic Development, Lungsod ng Brampton*

“Habang ang mga pasya sa pangmahabang panahong pamumuhunan para sa mga pasilidad ng de kuryenteng sasakyan ay ginagawa ngayon, ang lahat ng antas ng pamahalaan ay kailangang magtulungan para matiyak na hindi natin mapapalampas ang mga oportunidad, Ang Stellantis Brampton ay isang award-winning na planta, at kilala para sa mga produkto nito. Sa pakikipagtulungan sa ating mga partner, umaasa tayong ma-secure ang pamumuhunan sa Planta ng Stellantis Brampton Assembly para makapagbigay ng pakinabang sa ating lokal na ekonomiya at sa industriya ng awto sa Canada.”

- *Paul Vicente, Rehiyonal na Konsehal, Wards 1 at 5; Vice-Chair, Economic Development, Lungsod ng Brampton*

“Sa strategic access nito sa North American market, de-kalidad na mga manggagawa at award-winning manufacturing, ang Brampton ay estraterjik na nakaposisyon para suportahan ang sektor ng advanced manufacturing ng lungsod. Ang ating Economic Development Office ay patuloy na susuporta sa Stellantis – isang maaasahan sa industriya ng sasakyan sa

Brampton – at mga kumpanya sa buong sektor ng advanced manufacturing para magbigay benepisyo sa ating lokal na ekonomiya.”

- *Richard Forward, Commissioner, Planning, Building and Economic Development, Lungsod ng Brampton*

“Ang mga miyembro ng Unifor sa Brampton Assembly ay bumubuo ng ilan sa pinakamaganda ang kalidad, pinaka-hinahanap na mga behikulo sa mundo at ang ating pasilidad ay nakaposisyon nang mabuti para sa nagpapatuloy na mga mandato sa produkto at mga bagong pamumuhunan. Ang mga hamon na nahaharap ng plantang ito ay hindi katulad sa mga hamon na nahaharap ng mga planta ng sasakyan sa buong Canada, kabilang ang fragile global supply chains at ang paglipat sa pagsasakuryenteon. Alam natin na sa aktibong suporta ng pamahalaan, pakikilahok sa komunidad at pagkakaisa ng manggagawa, may mahaba, maliwanag na bukas para sa sektor ng sasakyan sa Brampton.”

- *Danny Price, President, Unifor Local 1285*

“Gusto ng ating pamahalaan na makita ang sektor sa sasakyan natin na maging lider sa elektripikasyon sa buong pandaigdigang supply chain. Gagawin natin ang lahat na kaya natin para makitang maging katotohanang ito. Sa ating patuloy na pamumuhunan sa sektor, patuloy tayong maghahanap ng karagdagang mga pagkakataon para magtayo ng malakas at madaling nakakabangon na Canadian battery ecosystem, at lilikha ng luntiang maganda ang sahod na mga trabaho. Ang Planta ng Brampton Assembly sa Stellantis ay palaging nasa unang prayoridad para sa ating pamahalaan, at ang ating team ay patuloy na walang pagod na magtatrabaho para masecure ang kinabukasan ng pasilidad na ito.”

- *Andy Fillmore, M.P., Parliamentary Secretary to the Minister of Innovation, Science and Industry*

“Ang planta ng Stellantis assembly sa Brampton ay isang batong pundasyon para sa komunidad at sa bansa. Committed tayo na magtatrabaho pa sa legacy na iyon para pasiglahin ang kasunod na henerasyon ng industriya at pagka-gumagalaw ng Canada.”

- *Flavio Volpe, Presidente, Automotive Parts Manufacturers’ Association*

-30-

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca

KONTAK NG MEDIA

Multicultural Media ng Lungsod ng Brampton
multiculturalmedia@brampton.ca